nachaker nan panar ilokicha ay intoned. Mo inloki na toned iteercha kes ona nan sacong si toned, et wad-ay nan senacenchay ay in-ina mangisacong sinan toned. Ifocawcha nan teer si sacong nanchi in-ina ay senacenchay eyna iloki nan toned sinan teer. Ngem nan ngan kowa asnan inchawey achicha masapor sad-en nanchi teer si toned tay mangon-onacha ay intoned. Nan panar mangon-onacha ay mamamar. Esonga nan nangankowa asnan insag-en sicha nan mafalin ay maiteer nan sacong sachayet intoned amin. Mo intenga kes nan toned ifocawcha nan teer si erchad ay kanig omrengancha yangcay. Mo marpas nan toned ifocawcha nan teer si apey ay encha mangapeyan ad taron.

Mo sino nan wad-ay manokna eyna eyapey ad taron, eyeycha ad taron ay inparti as manok sinan payewan. Marpas nan apey panag mangmang weno panag manmanok ay inpartiyanchas nan afongcha. Mo kes inmangmangcha ayacancha nan pegsatcha weno chakchakercha. Marpas nan mangmang fokar si patang ay encha minpasiyaran sinan pegsatcha mo sino nan wad-ay pegsatna as safali ay ili. Marpas chi ay mapatayan chenya panag sas-arep ad chawang. Mo comakchaker nanchi nintonedcha ay pacey encha

kes sacamsaman kaanenchā nan locam ay nilaok sinan pacey tay achi makachaker nan pacey mo karocarocam. Mo ilanča ay wad-ay kanen si otot ifocawča nan teer si ponit ta masellaan nan otot ay mangan sinan pacey. Marpas nanchi ponit ya ilokin nanchi pacey ay mamosfos kes asnan payew ifocawča kes nan teer si kilaw, ta enča ineracan. Omarachas lata weno lacyloy ay nafakas ay lopot weno papil ta eyeychad taron ay minerag, ta omegyāt nan ay-ayam ay tilin ay mangan sinan pacey. Marpas kes chi, mo ilanča ay angšan pay nan ay-ayam, ifocawča nan teer si tot-orod, ay omeyanča ay minfocaw sinan ay-ayam ta omeychas safali ay locar. Mo achicha komaan nan ay-ayam omeycha inferew nan tapina ta fafantayanča engcana ay magcasan. Mo ilanča ay magcasan nanchi pacey enča kes iyawid nan inaniyanča, amin nan ngan kowa asnan inchawey asnan omon ona ay matončan ay omon ona ay magcasan enča omani as chowan charan chacasča ay somaar. Mo ilanča ay nagcasan amin nan nisag-en ifocawča nan teer si pisik ay teer si ani. Wad-ay kes nan senacenchā ay omey mangipsik, ay mangiloki asnan ani. Omey in-ani asnan timpon si teer, mo patayanča nanchi teer

sachaet omey kes in-ani. Marpas nan teer si pisik ta nailoki na ani ifocawcha kes nan teer si caat, arcew ay encha mincharosan sinan charan. Incharosancha asnan pantew amin nan acamangcha amin nan sawidna. Mo marpas nanchi caat sinan esa ay arcew manangteycha, nan changtey omara as pochong et omaracha as manok iyaropcha as ator. Marpas chi nan teer si caat ta patayancha ay kanig minlepas sinan teer. Fomoknagcha ay iin-ani engcana ay marpas nan ani. Mo marpas kes nanchi ani ifocawcha kes nanchi kerpi ay teer si kerpi ay karpasan si ani, siyachi nan panag mangmang timpon si piyastan si pacey. Nan wad-ay manokna weno fotogna imangmangcha ayacancha nan pegsatcha ya sagcongcha. Marpas nan mangmang fokar si patang ay encha kes inpasiyaran sinan pegsatcha as safali ay ili weno chakchakercha ay wad-ay safali ay ili. Comaebcha as tofo sachaet omara asnan watwat eyeycha ay mangipasiyar sinan pegsatcha ay wad-as safali ay ili.

Mo omawidcha nanchi cha inmey as safali ay ili teercha kes as changtey ay masapor maid mangmangili ya maid

fomokfoknag as chowan arcew. Marpas chi ta mapatayan mafalin ay fomoknagcha kes ngem sas-arep ay encha mangachiwan ad chawang. Marpas nan sas-arep fomoknagcha as chowa ay arcew ifocawcha nan teer si sarakmot ay anongos si teer si ani. Marpas kes nanchi teer si sarakmot fomoknagcha ilokicha ay insamar sinan sawali. Nan sawali maani asnan December kan January. Ngem nan achicha tonchan sinan sawalicha, cha cheschesen sinan cha machakchakeran nan sawali. Tay mo marpas nan sawali ay maani nanchi sawali insamarchaet kannay sinanchi chinacon.

Esonga nan samar maid pengpengna inarcew ay maangnen tay masoglisogli nan mitoned. Kecheng nan timpon si teer as omrengan nan taco ay insamar sinan taron.

PART II

PILIPINO

ANG ATOR (Bahay para sa mga lalaki)

Matagal na ginawa ang Ator ng ating unang ninuno. Ito ay parang upisina ng mga lalaki ngunit kumpleto. Ang mga upuan ay yari sa mga batong makikinis na pinili nila mula sa ilog. Nakapaligid ang mga ito sa libutan ng Ator at kung gabi, lahat ng kalalakihan ay makikitang nakasandal sa mga iyon.

Sa loob ay may mga nagawang tulugan para sa mga batang lalaki, gayun din sa mga binata't matatanda. Sa Ator na ito, dito nakapagbibigay ang matatanda ng mga payo sa mga kabataang may masasamang ugali. Dito rin nila winawasto ang masasamang gawa ng ilang mga bata, o di kaya'y ang kanilang mga maling pagsasalita.

Dito rin naririnig ang iba't ibang uri ng magagandang kuwento mula sa matatanda. Ang mga halimbawa ng mga kuwentong ito ay tungkol sa kanila ring mga ninuno at magagandang ugali na kanilang ipinakita noong mga bata pa sila. Ang iba namang nakapunta sa ibang lugar kapag bumabalik ay dito nila isinasalaysay ang kanilang pakikipagsapalaran sa labas ng kanilang nayon at ang mga bagay na kanilang nakita.

Sa Ator ay may lugar na para sa apoy. Ang mga batang

lalaki ang namamahala sa mga panggatong doon. Kailangan ang apoy na ito lalo na sa matatandang palaging nalalamigan. Dito rin niluluto ang karne kapag may handog na ibinibigay ng mga tao sa kanilang diyos.

Ang mga seremonya o handog na ginagawa sa Ator ay nang-yayari kahit anong oras o panahon. Ngunit ang pinakamahalagang gamit nito ay sa panahon ng tag-ani. Natatangi naman ang sakripisyong ginagawa kung may nagkakasakit. Ang taong may sakit ay nagsasabi sa lahat ng kasamahan niya sa Ator na siya ay magbibigay ng handog at kukuha siya ng hayop. Mula sa Ator ang mga kalalakihan ay pupunta sa bundok na dala ang hayop at doon sila magsasakripisyo. Sa bundok na iyon ay isisigaw nila ang pangalan ng maysakit upang iwan siya ng sakit.

Isa pang uri ng sakripisyong ginagawa ay ang tinatawag na Tomo tuwing may sundalong bumabalik mula sa digmaan. Ang layunin ng tomo ay upang ipagtanggol ang sundalong ito sa mga ispiritu ng taong kanyang pinatay sakali't mayroon. Ang seremonyang ito ay magastos sapagkat nangangailangan ng maraming baboy at kalabaw.

Isa pang gamit ng Ator ay para sa mga taong bumabalik mula sa bilangguan. Doon siya magbibigay ng handog para sa ganoon ay linisin ng mga ispiritu ang kanyang ugali. At kapag nagkakaroon ng epidemya sa isang lugar, ang mga handog

na gagawin sa Ator ay maglilinis ng mga sakit na gumagala sa buong lugar. Ganito rin ang ginagawa kapag may epidemya ng mga hayop. Ang mga seremonyang ginagawa sa Ator ay nagpapakita kung gaano kahalaga ito sa isang lugar.

Ang Ator din ay mahalaga para sa mga pulong. Dito pinag-uusapan ang mga alituntuning dapat masunod sa isang lugar. Dito rin makaririnig ng mga balita ang mga tao tungkol sa ibang lugar at kapag may peacepact na gagawin ng mga tao sa iba't ibang lugar. Doon sa Ator inaaliw ang mga taong dumadalo sa peacepact.

Ang mga ito ang kahalagahan ng Ator at kung bakit mahalaga ring sumapi sa mga miembro ng isang Ator. Ito ay mahalaga para ituro ang mga ugali ng mga tao sa susunod na henerasyon nila. Ang mga taong kasapi sa isang Ator ay maaaring mamatay ngunit kailan man ay hindi mamamatay ang Ator.

* * * * *

ANG KUWENTO NG PAYONG

Ano ang ginagamit ng mga tao noon kung panahon ng tag-ulan at tag-init? Lalu-lalo na kapag malakas ang ulan o di kaya'y matindi ang init? Noong unang panahon, walang kapote at payong. Ang mga ito ang ginagamit ng tao noon: ang fatokong, isang malapad na sombrero na parang bilao; ang tokawi; isang matulis na parang sombreroong Intsik at ang sarakong at annanga, na ginagamit mula sa balikat.

Ang fatokong ay yari sa kawayan.. Dalawang parang singsing na malalaki ang unang ginagawa. Ang mas maliit ay ipinalalob at pagkatapos ay nilalagyan ng tambo bago isinusunod ang mas malaking bilog. Ito ay tatalian ngayon ng oway.

Ang sarakong ay ginagamit sa likod dahil sa ito'y mahaba. Umaabot ito hanggang paa. Ito ay yari rin sa kawayan gaya ng ginagamit sa paggawa ng lalagyan ng palay sa panahon ng tag-ani. Ang laki nito'y parang sukat ng likod at ito'y ginagamitan ng malalaking dahon.

Ang tokawi at annanga ay gamit-panlalaki sa panahon ng ulan. Ang tokawi ay yari sa pamamagitan ng dalawang

hugis-bilog na maaaring pumalibot sa balikat. Iba pang kawayan ang idinadagdag sa hugis-bilog na ito para maging matulis ang anyo. Pagkatapos ay tinatakpan ng tambo. Ang mga sombrero ng ito'y ginagamit hindi lamang sa tag-ulan kundi pati sa panahong mainit.

Ang annanga ay karaniwang ginagamit ng mga lalaki. Ito ay kahawig ng sarakong kaya lamang ay lalong mabigat at matibay. Ang tambong ginagamit na panakip ay tinatalian ng matitibay na dahon. Ito rin ang ginagamit na panahi ng mga tao noong unang araw. May mga kapok ding itinatanim at ginagawang sinulid nang walang ibang mabili.

Ang mga ito ang ginagamit na talukbong ng mga tao noong unang araw nang wala pang kapote o payong.

* * * * *

ANG LAWANG SA TOKOKAN

Ang pangalan ng lawa ay Alikaw. Ito ay napapagitna sa nayon ng Tokokan. Noong unang panahon, ito ay napakahaba at malawak. Ito'y kasintaas ng Parew, ang ator sa Tangngad na nasa pagitan ng Tinachag at Libchan. Noong unang panahon, wala pang nayon na malapit sa Alikaw. Ang tanging nayon noon ay ang Tabfooy at Pakang. Noon din ay wala pang daang patungong Tabuk na ngayo'y nasa gitna ng nayong Tokokan. Ang daan ngayon ay puro bahay noong unang panahon. Ngunit mula sa Tarpog hanggang sa Parew ay maraming hardin at ang Alikaw ay nasa gilid nito.

Sa Tabfooy ay maraming baboy na palaging nakakawala sa kanilang kulungan. Ito nama'y sinusundan ng mga tao sa Tarpog at minsan ay sinabi nilang: "Gagawa na lamang tayo ng bahay dito sapagkat patag din ang lugar." Kaya't tumira sila sa isang lugar na malapit sa Alikaw.

Ngunit sa lawang ito ay may nakatirang dalawang ahas. Ang lalaki ay Changwaw. Sa kabila naman ay may nakatirang mag-asawa na buntis ang babae. Isang umaga, pagkatapos kumain ay bumaba ang babae sa lawa para maghugas ng pinagkanan. Samantalang naghuhugas ay naanod ang mga kawayang plato. Lumusong siya sa tubig para habulin ang mga naanod na plato ngunit lumabas si Changwaw at kinain siya.

Nagpulong ang mga tao at sinabing: "Paano tayo maka-gaganti? Tayo'y malapit sa kanyang tirahan, baka mamaya ay isusunod naman tayong kainin. At ang ating mga anak. Baka sila maliligo sa lawa ay kakainin niya ang mga ito. Kaya ba nating bantayan sila palagi?" Nagpulong sila at pinag-usapan kung ano ang mabuting gawin para ipaghiganti ang buntis.

Sa wakas ay sinabi nilang, "Pumunta tayong lahat sa Lengwa at Allong para gumawa doon ng agusan ng tubig." Naghati sila sa dalawang pangkat. Ang mga babae ay gumawa ng kanal na patungong Lengwa at ang mga lalaki naman ay gumawa ng kanal na patungong Allong at pababa sa Sodyok. Nang matapos ang mga kanal ay umagos ang tubig at natuyo ang lawa. Sa gayon ay lumantad ang bahay. Nakita nila ang nakatira doon at binato nila ng mga halo. Ngunit sinalo niya ang mga ito at kinain. Pagkatapos ay mga lusong naman ang ibinato ngunit ganoon din ang kanyang ginawa. Ang sumunod nilang paraan ay ganito: Kumuha sila ng maraming basahan at ibinalot sa isang aso. Pagkatapos ay sinindihan nila ito at ibinato sa kanya. Sinalo din ito at kinain. Hindi nagtagal ay lumaki ang apoy sa loob ng tiyan niya. Sa gabing iyon, isang tao na marahil ay kasama sa bumato ang nagsabi: "Bakit mo kinain ang babaing lumapit sa iyo?" Ngunit sinabi ng asawa ni Changwaw na : "Hindi ako ang kumain kundi ang aking asawa. Binato siya ng mga tao ngunit sinalo niya ang pinambato sa kanya at pinagkakain."

Nang gabing iyon habang kumakain ang mga tao, pinuntahan ni Changwaw si Chananaw. Ayon sa kasabihan, ang mga tao raw ay nakarinig ng malalakas na sipol nang umalis siya papunta kay Chananaw. Ito ay naging lawa sa tuktok ng bundok sa pagitan ng Sadanga at Maligcong. Nagtago si Changwaw sa kinaroroonan ni Chananaw ngunit doon ay kulang ang tubig. Lumipat siya ulit at nagpunta sa Eyeb. Nagpatuloy siya sa Chakaang at doon siya namatay dahil sa apoy na nasa kanyang tiyan.

Ang asawa niya ay naiwan sa Alikaw ngunit nawala siya sa gitna ng lawa at hindi malaman kung saan nagpunta.

Ito ang tungkol sa kuwento ng mga lalaki noong unang panahon at ang lawa sa gitna ng nayon ng Tokokan. Ngayon, ang lawang ito ay lumiit at maaaring tamnan ng palay kung tag-init.

* * * * *

ANG PINAGMULAN NG KAUNA-UNAHANG APOY
NG ATING MGA NINUNO

Noong unang panahon, ang ginagamit ng mga tao ay ang batong kiskisan o di kaya'y kiskisang bakal na tinatawag nilang parting para magkaroon ng apoy. Walang posporo o layter. Kahit sa pagluluto, ang parting na ito ang kanilang ginagamit. Ito ay yari sa bakal, at ginagawa ng mga lalaki kung sila'y nagpapanday ng mga kasangkapan nila sa bukid. Ito ay kasinlaki ng takip ng bote.

Ikalawa, ang bato ay pili na tinatawag na pakintab. Ang pinipili ay ang maputi at matigas para hindi madaling mabasag. Hindi maaaring gamitin ang karaniwang bato.

Pagkatapos ay pumupili rin sila ng damong tinatawag na chosog. Ang damong ito ay hindi lumalaking parang puno sapagkat sa batuhan tumutubo at napakahirap makuha. Patutuyuin muna nila ito. Pagkatapos, kukuha sila ng dayami ng millet at susunugin bago ihahalo sa chosog hanggang sa ito'y lumambot na parang abo. Ilalagay nila ngayon ito sa kanilang sisidlan ng tabako para sa gayo'y hindi mababasa kapag sila'y pumupunta sa bukid.

Sa paggawa ng apoy, pagdidikitin nilang mabuti ang chosog at pakintab at saka nila ikikiskis ang bakal at magkakaroon ng tilamsik. Lalagyan nila agad ng tabako ang tilamsik na ito para mabuhay. Ito ngayon ang lumalaking apoy. Isusunod nilang isama ang dayami ng palay sa tabako. Kapag nagkaroon na ng usok, magkakaroon na rin ng apoy.

Ganito ang paggawa ng ating mga ninuno ng apoy noong unang panahon bago magkaroon ng mga layter at posporo.

* * * * *

ANG BAHA NOONG UNANG PANAHOON

Ito ay kuwento tungkol sa baha noong unang panahon. Mayroon daw magkakapatid na dalawang lalaki at isang babae. Isang araw ang kanilang ama ay pinatay ng araw ngunit nagpatuloy pa rin sila sa paglalaro sa maghapon. Ngayon, isa sa kanilang kasamahan ang nagsabing, "Hindi ba ninyo alam na dapat ninyong ipaghiganti ang inyong ama?" Kaya pinuntahan nila ang kanilang inang nagbabayo ng bigas at nagpahanda sila ng baon. Pagkatapos, lumabas sila para hanapin ang dapat managot sa kamatayan ng kanilang ama. Pagdating nila sa lugar na Tengrayan, nagtanong sila sa mga tao roon. "Sino ang taong dumaan dito kehapon?" Isang matandang lalaki ang sumagot ng, "Sila ay taga-Fakin-aren at Amfacatan at sila'y kumakain ng atay." Nagpatuloy ang magkakapatid sa kanilang lakad at nang tumanghali na ay nakarating sila sa isa pang lugar na tinatawag na Finongan. Nagtanong sila sa isang bata, "Sino ang dumaan dito kahapon?" Ang sagot ng bata ay pareho rin ng sa matanda. "Sila'y taga-Fakin-aren at Amfacatan at kumakain sila ng atay." Sa lahat ng lugar na nararating nila ay nagtatanong sila ng ganito. Pareho naman ang tinatanggap nilang sagot. Sa wakas ay nakakita sila ng isang mamang nagsisibak ng kahoy. Ang matanda ang unang nagtanong. "Bakit kayo naparito?" Sumagot ang magkakapatid ng, "Hinahanap namin ang pumatay sa aming ama."

Muling nagsalita ang matanda. "Ang pumatay sa inyong ama ay ang araw. Ngunit bago kayo magpatuloy, halikayo munang kumain." Pagkakain, binigyan sila ng matanda ng tatlong itlog. Dalawang itlog sa panganay at isa sa bunso. "Gamitin ninyo ang itlog na ito na pambulag sa mata ng araw. Ngunit bago kayo makarating doon ay mayroon kayong dadaanang tulay na may napakalaking ahas." Hindi nagtagal ay nagpatuloy ang dalawa. Tumawid sila sa tulay at inihagis ang hawak nilang itlog sa araw kaya ito'y nabulag. Nang bumalik sila sa tulay, pinutol nila ito. Pagdating nila ulit sa kinaroroonan ng matanda, tinanong sila nito. "Bakit may sumusunod sa inyong napakalaking agos ng tubig?" Sumagot sila ng, "Sapagkat pinutol namin ang tulay ng araw." Binigyan niya sila ng kapisrasong kahoy para hindi sila mabasa. Umalis ang magkapatid. Hindi nagtagal ay sinabi ng bunsong, "Magpahinga muna tayo at nang makakain. Sabagay hindi tayo maaano sa tubig sapagkat mayroon naman tayo nitong kahoy." Pagkapahinga, nagpatuloy sila sa pag-uwi. Nakarating sila sa kanilang tahanan nang magtatanghali na. Ngunit inabutan sila roon ng agos ng tubig. Noon din ay ginamit nila ang kahoy kaya hindi sila nabasa.

Ngayon, dumating si Kafonyan. Kumuha siya ng maliit na supot at inilagay ang mga kasangkapan sa paggawa ng apoy. Pagkatapos, kinuha niya ang kapatid nilang babae at inihagis siya sa kanluran. Maya-maya ay kinuha rin niya ang isa sa

mga lalaki at inihagis sa silangan. Nang gabing iyon, ang lalaki sa silangan ay nagtaka. "Bakit may apoy sa kanluran? Kukuha ako ng iba't ibang hayop at papupuntahin ko roon para malaman ko kung sino ang tao roon." Una pinapunta niya ang uwak. Ngunit hindi ito nagbalik. Isinunod niya ang butike. Ngunit naanod ito sa tubig. Sa wakas ay pinapunta niya ang asong-gubat. Naratnan nito ang babae at tinanong siya nito. "Bakit ka naparito?" Sumagot ang aso at sinabing, "Isang makisig na binata ang nag-utos sa akin na pumunta ako rito upang humingi ng apoy." At sinabi ng babaing, "Kapag humupa ang tubig sabihin mo sa lalaking iyon na pumunta rito upang kami'y magkakilala." Pagkatapos ay kumuha ng sulo at sinindihan. Itinali ito sa buntot ng aso. Kinuha rin niya ang supot na kinalalagyan ng kasangkapan sa paggawa ng apoy at itinali ito sa ulo ng aso. Bumalik ang aso ngunit nang siya'y tumatawid sa ilog ay nasindihan ang buong langit. Pagdating niya sa kinaroroonan ng lalaki sinabi niyang, "Ibinigay sa akin ng isang babae ang apoy na ito at sinabing kapag humupa raw ang tubig ay puntahan mo siya roon." Hindi nagtagal ang paghupa ng tubig. Pumunta ang lalaki ngunit ganoon na lamang ang kanyang pagtataka nang makita ito. "Aba! Ang babaing ito ay aking kapatid."

Muling dumating si Kafonyan. "Bakit kayo nagkakalayo?" ang tanong niya sa kanila. "Sapagkat kami'y magkapatid,"

ang kanilang sagot. "Mabuti pang kami'y mamatay." Ngunit sinabi ni Kafonyan na, "Sino ngayon ang gagamitin kong magpapadagdag ng tao sa mundo?" At kumuha siya ng isang sombrero. Itinali niya sa usa at inihagis ito sa silangan. Iyan ang dahilan kung bakit ang mga taong nanggagaling sa silangan ay maiitim at maliliit ang mga paang parang usa. Kumuha siya ulit ng isa pang sombrero at inilagay sa isang napakalaking banga. Ito'y inihagis niya sa timog. Kaya ang mga tao sa timog ay mamula-mula. Kumuha pa ng isa at inilagay sa saging. Inihagis niya ito sa hilaga. Kaya ang mga tao sa hilaga ay mapuputi at matatangkad. Sa wakas ay kumuha ng kahoy at sinibak. Inilagay niya ang sombrero sa isang piraso ng kahoy at inihagis niya sa bandang lubugan ng araw. Dito nanggagaling ang mga Amerikano at sila'y matatangkad at mapuputi.

* * * * *

ANG MAGKAPATID NA LALAKI

Ito ay kuwento ng isang matandang lalaki noong unang panahon tungkol sa nayon ng Maniyokan at Meman.

Ang mga taga-Meman ay inanyayahan ng taga-Maniyokan sa isang kasalan. Doon sa Meman ay may nakatirang magkapatid na lalaki na ulilang lubos. Sila lamang ang naiwang lalaki sa nayon na iyon. Sinabi nilang, "Tayo na lamang ang naiwang lalaki rito sapagkat wala tayong kamag-anak sa Maniyokan." Pag-alis ng mga lalaki sa nayon ng Meman patungong Maniyokan, dumating ang mga taga-Tofeng na may tangkang patayin ang lahat na naiwan doon. Kaya sinabi ng magkapatid na, "Anong gagawin natin para mailigtas ang mga babae?" Sinabi ng mga babaing, "Kayo ang bahala. Ngunit alam naming may maliit na tulay na tatawirin ng mga taga-Tofeng bago makarating dito. Ito ay may apat na metrong haba at nasa pagitan ng ating nayon at nayon nila.

Ito ang ginawa ng magkapatid. Kumuha sila ng tig-iisang halo at sinabi sa mga babae, "Hindi tayo mamamatay sapagkat handa nating ipaglaban ang ating sarili sa mga nagtatangkang pumatay sa atin."

Maya-maya, ang mga taga-Tofeng ay nagsisisigaw sa may kala-yuan sa kanila. Hinahamon nila ang mga taga-Meman na lumabas upang ipaglaban ang kanilang sarili. Sumagot ang mga babae at ang magkapatid. "Kayo ang pumarito at makipaglaban sa aming mga naiwan." Bumaba ang mga taga-Tofeng at sinalubong naman ang mga taga-Meman. Ang magkapatid ay kumuha ng sibat at kalasag. Pagkatapos ay bumaba sila sa bundok. Nauna silang dumating sa nasabing tulay. Nagtago sila sa magkabilang paanan ng tulay at nang dumating ang kanilang mga kalaban ay ganito ang kanilang ginawa. Hinintay nilang makarating sa gitna ang mga ito. Pagkatapos ay biglang itinaas ng magkapatid ang tulay at ito'y bumagsak sa tubig. Ang iba ay nakatakas ngunit ang iba ay naanod. Ang iba nama'y namatay sa pakikipaglaban. Ngayon, sinabi ng magkapatid sa mga babaing, "Tulongan ninyo kami sa pagbuhat ng kanilang mga bangkay at dalhin natin sa ator ng ating nayon. Hindi natin kasalanan ang pagkamatay ng mga ito sapagkat sila ang may tangkang pumatay sa atin." Nang makuha nang lehat ang mga ulo ng kalaban na namatay at dinala sa ator sinabi ulit ng magkapatid na, "Tawagin natin ang ating mga kanayong pumunta sa kasalan."

Pumunta nga ang magkapatid upang tawagin ang mga ito ngunit bago sila nakarating sa Maniyokan ay inabot sila ng dilin sa daan at narinig nila ang mga tugtog ng gong. Sinabi

ng bunso sa kanyang kapatid na, "Marahil ay hindi nila pakikinggan ang ating pakiusap." Ngunit sinabi ng kanyang kapatid na, "Bahala sila ngunit subukin natin." Pagdating nila doon ay sinabi nilang, "Kailangang umuwi tayo ngayon din sapagkat nilusob ng taga-Tofeng ang ating nayon at pinatay ang lahat. Kami na lamang ang tanging naiwan." Ngunit sinabi ng kausap na, "Kung gayon, magpalipas muna tayo ng gabi sapagkat madilim at bukas na tayo uuwi." Sinabi naman ng ibang, "Pagkatapos ng kainan kailangang umuwi tayo para bantayan ang ating mga namatay." Kinuha nila ang mga bigay na karne at nilisan ang nayon ng Maniyokan. Pagdating nila sa bungad ng kanilang nayon, nagbihis ang magkapatid ng magagandang mga bahag at inawit ang kanta nila para sa tagumpay. Nagtaka ang mga tao at dahil sa hindi nila maintindihan ang ikinikilos ng dalawa ay sinabi nilang, "Ano ba talaga ang dahilan ng pagtawag ninyo sa amin?" Sinabi ng magkapatid na, "Sasabihin na namin sa inyo ang katotohanan. Tayo ay magdiriwang. Ipagdiwang natin ang pagkamatay ng ating mga kalaban. Mabuti na lamang at kami'y naiwan para magtanggol sa ating nayon."

Kinabukasan, isang pagdiriwang nga ang naganap at isang baboy ang kinatay para sa pagdiriwang ng pagputol sa mga ulo ng kalaban.

* * * * *

ANG KUWENTO NG BIGAS

Nagsisimulang magtrabaho ang mga tao sa bukid pagkatapos ng kahuli-hulihang ani. Una, bubungkalin nila ang lupa. Iyong mga taong may kalabaw ay gagamit ng araro ngunit ang ibang tao na walang kalabaw ay gagamit ng maliliit na kasangkapan tulad ng pala. Kung matigas ang lupa, ang ginagamit ay mga tinidor. Pagkatapos, pinalalambot ito sa pamamagitan ng paa. Nililinis din nila ang mga paligid ng bukid. Pagkatapos na maihanda ang bukid, ang Teer si Panar ay gaganapin. Isang matandang babae ang tatawagin nilang magsimula ng pagtatanim ng iilang butil ng palay. Sumunod dito ay ang paghahandog ng isang manok. Kapag nakita nila ang tanda sa manok at maganda maaaring sumunod ang lahat sa pagtatanim. Habang lumalaki ang mga tanim, nililinis nila ang mga sukal na damo at lumang ugat na maaaring galing sa dating tanim. Lilinisin din nilang mabuti ang lupa para ihanda sa paglilipat ng tanim. Ang Teer si Sakong ay gaganapin kapag handang mailipat ang punla. Isang matandang babae ulit ang magsisimula nito. Ngunit iyong mga taong malalayo ang tataniman ay maaaring makapagsimula agad. Ang may-ari lamang sa walalapit na bukid ang maghihintay hanggang matapos ang teer bago makapagtanim. Sa kalagitnaan ng pagtatanim ay gaganapin ang Teer si Erchad. Lahat ay mamamahinga sa panahong ito.

Pagkatapos ng pagtatanim, ang Teer si Apey ay isusunod. Lahat ay maghahandog ng manok sa kani-kanilang bukid. Pagkatapos sa bukid ay mayroon pang mga manok at baboy na ihahandog sa bahay. Ang sinumang may ihahandog ay mag-aanyaya ng kanilang mga kamag-anak. Ang iba naman ay pumupunta sa ibang nayon para magbisita ng kanilang kamag-anak.

Kapag malalaki na ang mga tanim ay gagamasan nila ang bukid para alisin ang mga sukal na damo. Kapag makita nilang may mga dagang kumakain ng tanim, ang Teer si Ponit ay gagawin para timigil ang mga ito.

Ang Teer si Kilaw ay gagawin kapag ang mga tanim ay magsisimulang magkaroon ng bunga. Isa-isa ngayon ang maglalagay ng mga panakot sa ibon. Kukuha sila ng mga lata, basahan, sira-sirang mga damit o papel at gagawing pambugaw sa mga ibon. Kapag marami pa ang mga ibong ayaw magsialis, ang Teer si Tot-orod ay gagawin. Dito ay sisigawan nila ang mga ibon para lumipat sa ibang lugar. Kapag marami pa rin ang ayaw magsialis, babantayan na lamang ng mga tao ang kanilang mga bukid hanggang sa mahinog ang palay.

Kapag hinog na ang mga palay, iyong mga malalayo ang bukid ay kukuha ng sampung bigkis lamang at uuwi kaagad. Ang Teer si Pisik ay gaganapin kapag hinog na ang lahat

ng palay sa malalapit na lugar. Sa panahong ito, isang matandang babae o lalaki ang magsisimula ng pag-ani. Susunod ang lahat pagkatapos ng Teer si Caat. Sa araw na ito ang mga daang papunta sa bukid at ang mga paligid ng kamalig ay lilinis. Pagkatapos ng handog na ito ay ipagpapatuloy na nila ang pag-ani hanggang matapos na ang lahat. Ang Teer si Kerpi ay gagawin at ito ang nagtatapos ng tag-ani. Sumunod ngayon ang pista. Ang sinumang may maraming manok o baboy ay maghahandog ulit at mag-aanyaya ng mga kamag-anak at mga kaibigan. Mamimista rin sila ulit sa ibang nayon na kinaroroonan ng kanilang kamag-anak o kaibigan. Magdadala rin sila ng malagkit at karne sa kanilang pupuntahan. Pagbalik ng mga namista ay kailangang wala munang pupunta sa bukid. Hindi rin sila puwedeng tumanggap ng bisita sa loob ng dalawang araw. Pagkatapos nito puwede na silang humuli ng isda sa ilog sa loob din ng dalawang araw. Ang Teer si Sarakmot ay isusunod. Ito ang pinakahuli sa panahon ng tag-ani.

Pagkatapos nito ang mga tao ay magsisimula ulit ng pagtatrabaho sa bukid para sa pangalawang pagtatanim. Ito ang aanihin sa buwan ng Disyembre o Enero.

Ang trabaho sa bukid ay walang hanggang. Sa panahon lamang ng teer nakakapamahinga ang mga tao.

* * * * *